
# Sri Sathya Sai



# Katha ni Sathya Narayana

*Filipino*

# Patnubay para sa
# Sri Sathya Sai, Katha ni Sathya Narayana

1. Maupo sa silid dasalan
2. Magsindi nang kandila
3. Magsindi nang insenso
4. Maglagay nang pa-alay (*vibhuthi*, prutas o minatamis) sa altar
5. Simulan pag-basa, mag-isa o ang buong grupo

# Ang pamaraan sa pag-basa

1. Bigkasin ang sagradong "Om" nang tatlong beses
2. Magdasal kay *Ganesha*
3. Magdasal sa *Guru*
4. Basahin ang Sathya Narayana Katha, kabanata 1 hanggang 5
5. Bigkasin ang *Sai Gayathri Mantra* nang tatlong beses
6. Kumanta nang dalawa o tatlong *Bhajan*, umpisa kay *Ganesha*
7. Kantahin ang *Sarva Dharma* na dasal
8. Mag-*Arathi*
9. Awitin ang *Samastha Lokaah* na dasal
10. Bigyan nang *vibhuti* ang lahat, kasabay nang awit ukol sa *Vibhuti*

**Tala:** Kung hindi masunod ang mga pamamaraan sa itaas ay ma-aaring basahin ang **Sri Sathya Sai, Kathi ni Sathya Narayana**, kabanata 1-5.

Ang Katha ay ma-aaring basahin sa ka-buuan nang buan (full moon), sa Hueves o kaya ay araw-araw.

**Sino mang mag-basa o makinig nang banal na Katha, puno nang pananalig at paggalang, ay ma-bebendisyonan at mabibigyan nang pagpapala at mga dinarasal na hiling.**

# Dasal Kay Ganesha

**Vakra Thunda Mahaa Kaaya**
**Surya Koti Sama Prabha**
**Nirvighnam Kuru Mey Deva**
**Sarva Kaaryeshu Sarvadaa**

*O Diyos ko na may ipin, malaking katawan nang elepante*
*Na ang ningning ay halos sampung million na araw*
*Nag-darasal ako sa iyo, palagi sanang tangalin*
*Ang mga sagabal sa lahat nang aking mahusay na gawain*

# Dasal sa Guru

**Gurur Brahma Gurur Vishnu**
**Gurur Devo Maheshvarah**
**Guruh Saakshaath Para Brahma**
**Thasmai Shree Guravey Namah**

*Nakayuko ako sa aking marangal na Guro*
*Na si Brahma, Vishnu at Maheshwara*
*Ang Guru ay ang Kataas-taasang Brahman*

# Kabanata 1: Ang Pagdating at Dakilang Kabataan

Si Bhagavan (Panginoong) Sri Sathya Sai Baba ay isinilang sa isang maliit na Barrio na tinaguriang Puttaparthi, sa dako ng Andhra, sa katimugan ng India. Ang pangalan ng kanyang ama ay si ginoong Pedda Venkappa Raju at ang kanyang ina ay si Eashwaramba.

Si Inang Eashwaramba ay napakabanal na babae, laging nagsasagawa ng penitensiya upang matuwa ang panginoon. Dahil natuwa ang Panginoon Narayana sa kanyang tunay at dakilang pagmamahal, Siya ay nagpasyang ipanganak muli at muling isagawa ang Kanyang Dakilang Dula. At pinili Niya si Eashwaramba bilang Kanyang ina at si Venkappa Raju bilang Kanyang ama.

Pinaniniwalaan ayon sa sariling patunay ni Eashwaramba, na nuon siya ay umiigib ng tubig sa balon, isang maningning at azul na liwanag mula sa Langit ang bumaba at pumasok sa kanyang sinapupunan. Siya ay nahilo at bumagsak. Sa una pa ay pinagpayuhan si Eashwaramba ng kanyang biyenang babae na kung may mangyari sa kanya dahil sa Kagustuhan ng Panginoon, ay hindi dapat siyang matakot. Ang lihim na ito ay hindi ipinaalam kanino man. Ang pagkapanganak sa Panginoong Bhagavan ay hindi sa pamamagitan ng paglilihi (conception), ngunit sa pamamagitan ng Pagdating (advent). Ilang araw bago pumanaw si Eashwaramba ay si Bhagavan mismo ang humiling sa kanya na isalaysay ang karanasan niya nuong malapit siya sa balon.

Samantalang tumatagal ang pagdadalantao ni Inang Eashwaramba at sa pagsapit ng ika siyam na buwan, ang lahat ng mga instrumento sa buong kabahayan ay tumutugtog nang mga kaaya-ayang tunog. Ang mga drum ay tumambol, ang gitara ay patuloy sa pagitipa at ang pompyang ay nagkaklang, at lahat ng tao sa kabahayan ay ginising ng halimuyak at Dakilang tugtugin.

Sa wakas ay dumating ang ika 23 ng Nobiyembre 1926. Lunes noon, araw ng Panginoong Shiva. Noon ay Taon ng Kasaganahan at Buwan ng Liwanag. Ang babaeng biyenan ni Inang Eashwaramba ay katatapos lang ng panalangin kay Sathya Narayana, at inialay ang Dakilang Pakinabang sa asawa ng kanyang anak. Matapos kainin ni inang Easwaramba ang alay, si Sai Narayana ay ipinanganak. Ang sanggol ay tunay na kaakitakit. Siya ay pinangalanang Sathya Narayana.

Isang araw samantalang natutulog si Baby Sathya sa kanyang kama, nagulat ang mga babaeng lumalapit, nang makita nila na ang damit sa ilalim ng Baby ay gumagalaw. Nang itinaas nila si Baby Sathya ay nakita nila ang ahas na lumayo sa Panginoon at nawala sa di kalayuan. Aha ang Panginoon Adishesha na di makatiis na hindi makita ang kanyang Panginoon sa Langit ay tila bumaba para makapiling Siya.

Si Sathya Narayana, noong kabataan ay di kumakain ng karne at di rin siya pumupunta sa bahay kung ito ay hindi vegetarian. Mayroong isang Karmam Subama na napaka butihing babae na giliw na giliw kay mahal na Sathya. Madalas si Sathya magpalipas ng oras sa bahay ni Karmam. Kahit pa man sa Avatar na ito ay mayroon ding Yashoda.

Sino mang pulubi ang pumunta sa bahay ng magulang ni Sathya ay hindi paalisin ng walang dala. Sinisiguro ni Sathya na ang pulubi ay pakakainin hangang mabusog at kung minsan ay Siya mismo ang magbibigay ng pagkain at ang kanyang kapatid na babae, pati na ang kanyang ina ay nagagalit sa Kanyang palagiang kawang gawa. Matapos ang ilang sandali ay tinawag na nila Siya, upang kumain. Inilalagay Niya ang kanyang maliliit na palad sa kanilang mga ilong at ipinaaamoy Niya ito. Nadidiskubre nila ang pinakamasarap at kaayaayang amoy mula sa kanyang dakila at namumulang kamay. Kapag tinanong nila Siya kung saan Siya kumain, ang agad na sagot ni Sathya ay “May isang matandang lalaki na nagpakain sa akin.”

Mula sa pagkabata ay nagpamalas na si Sathya ng Kanyang tunay na kalikasan; Pagibig. Ayaw Niyang makita ang mga kaibigan Niya na malungkot. Madalas Siyang gumagawa ng mga kendi, lapis, goma at iba pa para pasayahin sila. Iniipon Niya ang maliliit na bata at gumagawa Siya ng bahay bahayan, naglalagay ng mga larawan ng Diyos at tinuturuan sila ng banal na awitin.

Nang matapos Niya ang maagang pagaaral, si Sathya ay tinanggap sa malapit na baryo ng Bukkapatnam Paaralang Elementarya. Doon pa man, si Sathya ay naging tanyag sa Kanyang mga kamag-aral.

Ang isa sa Kanyang mga guro si Mehaboob Khan na naging malapit kay Sathya. Isang araw, nakita ng isang guro na si Sathya ay di sumusulat ng kanyang idinidiktang aralin. Nasaktan ang ego niya. Pinatayo nito si Sathya sa bangko bilang parusa. Tapos na ang pagtuturo ng guro.

Tumugtog na ang bel, ngunit hindi maiwanan ng guro ang kanyang upuan! Si Sathya ay nakatayo pa sa bangko nang pumasok sa silid aralan si Mehaboob Khan, ang kapalit na guro.

Lumapit si Khan sa kanyang kapwa guro, na ngayon ay hiyang hiya na, at pinakiusapan itong tumayo. Ang kawawang guro ay halos mapaiyak. Ang wika niya, "Saheb, ang upuan ay dumikit sa akin." Lumingon si Khan sa paligid ng klase dahil narinig niya ng hagikhikan ng mga batang nakikinig.

Nalungkot si Khan nang makita niya si Sathya, na nakatayo sa bangko at masayang nag mamasid sa buong pangyayari. Si Khan ay nagulat at hinimok ang guro na pababain si Sathya, at noon lang siya iniwanan ng kanyang upuan. Ang guro na noon ay nanliliit na at lubos na napahiya, ay hinimok si Sathya na bumaba ng bangko. Nang makalapag na Siya ng bangko, pinawalan din ng silya ang guro. Sa ganitong paraan, inumpisahan ni Sathya ang pagpapakilala sa Sarili.

Isang araw, ay nawala ang kabayo ng may ari ng kalesa. Naghanap siya kung saan saan subalit di nakita. May nakapagsabi sa kanyang may isang Dakilang Bata na nagaaral sa eskuwelahang malapit at Siya ang makapagsasabi ng kinaroroonan ng kabayo. Tulad noong kay Shirdi Avatar, magalang na sinabihan ni Sathya ang tao na ang kanyang kabayo ay nanginginain sa labas ng baryo sa isang manggahan. Sa kanyng katuwaan ay nakita ng tao ang kanyang kabayo tulad ng pagkasabi ni Sathya.

Mula noon ang mga may ari ng kalesa ay nagdarasal kay Sathya na maupo sa kanilang kalesa upang sila ay pagpalain at lumago ang kanilang hanap buhay.

Natapos ang unang kabanata ng
Sri Sathya Sai, Katha ni Sathya Narayana, puno ng pagpapala.
Yumuko kay Sri Sai. Sumaatin ang kapayapaan.

# Kabanata 2: Simula ng Misyon ni Sai Baba

Noong ika 8 ng Marso 1940 sumigaw ng napakatinis si Sai Baba at bumagsak ng walang malay. Hawak na mahigpit ni Sathya ang malaking daliri ng kanang paa. Inakala ng lahat sa bahay na nakagat Siya ng scorpion. Sa totoo ay iniwan ni Sathya ang kanyang katawan upang iligtas ang ilang tagasunod na hindi nalalaman ng mga nakapaligid sa kanya dahil wala Siyang ginawang ganun sa harap ng mga tao dati. Lahat ay naghanap ng scorpion subalit paano nila makikita dahil hindi naman yun ang dahilan ng kanyang kalagayan.

Matapos ang ilang sandali ay nagmulat ang mga mata Niya na panatag tulad ng dati. Sumunod na araw ay muling nawalan ng malay si Sathya. Nang magmulat ang mga mata niya, sinabi Niya sa mga nakapaligid na ang Diyosa ng baryo, si Muthyalamma ay nagagalit at kailangan daw ay isa sa mga mamamayan ay magbasag ng niyog, at magsindi ng camphor para kanya.

Nang mabasag ang niyog sa templo, sinabi ni Sathya mula sa bahay na nahati ang niyog sa tatlong piraso. Totoo nga. May mga tao na nag-akalang si Sathya ay sinaniban ng espiritu. Ginamot nila Siya sa pamamagitan ng mga dahon. Inakala din ng ilan na nasisiraan Siya ng bait at ipinatawag ang Kanyang mga magulang.

Dumating ang mga magulang ni Sathya at sila ay nabahala sa kalagayan ng mahal na anak. Kahit sila ay di malaman ang gagawin, kaya dinala siya sa isang eksorsista. Ang eksorsista ay malupit sa pamamaraan na pagpapaalis ng espiritu. Hiniwa niya ang murang bumbunan ni Sathya, gamit ang isang matalim na kutsilyo, pinigaan niya ng lemon, at nilagyan ng pulbos na mabaho, na masyadong nagpamaga sa maamong mukha ni Sathya. Ang kanyang mga mata ay labis na namaga.

Nang makita ang kanyang naging anyo, ang ina at kapatid na babae ni Sathya ay labis na nalungkot at walang nagawa dahil ipinagkatiwala nila si Sathya sa eksorsista. Nang makita Niya ang kalagayan nila, sinabihan ni Sathya na mayroong isang halaman na tumutubo sa malapit.

Sinabihan Niya ito na gumawa ng katas mula sa halamang iyon at ipahid sa Kanyang mga mata.

Nakiusap ang kanyang ina at kapatid na lubayang mag-isa si Sathya at sinabing ibabalik siya muli pag lumakas na.

Nilubayan ng eksorsista si Sathya na labag sa kalooban niya. Ayon sa payo ni Sathya, nilagyan ng ilang patak ng katas ng halaman ang kanyang mga mata at di nagtagal at ito ay nagbalik sa dating kapilyuhan.

Nagdaan ang mga araw at si Sathya ay nagpapaliwanag ng malalim sa kaalaman ng Veda sa mga bata. Nagsimula na rin Siyang magkwento tungkol sa isang Santong tinawag na Sai Baba. Sa wakas ay di na matiis ito ng kanyang ama na si Pedda Venkappa Raju.

Isang araw ay may dalang kapirasong pamalo na lumapit siya kay Sathya upang paluin at palabasin ang masamang espiritu sa Kanya. Nagtanong siya, “Sino Ka? Sabihin mo sa akin ang totoo.” Si Sathya ay malumanay at puno ng pagmamahal at kapangyarihan na sumagot, “Ako si Sai Baba. Panatiliin ninyo ang tahanan ninyo na malinis at ang isipan na busilak. Maninirahan ako sa kanila ng palagian”

Nalaglag ang pamalo sa kamay ni Pedda Venkappa Raju. Natulala siya. Ang sabi niya, “Kung ikaw talaga si Sai Baba patunayan mo sa amin.” Kumuha si Sathya ng isang dakot na bulaklak ng Hasmin at inihagis Niya ito sa lupa.  Bumagsak ito at gumuhit ng katagang “SAI BABA” sa Telugo.

Simula nung araw na iyon ay tinawag na nila si Sathya na Sai Baba. Sinimulan nila Siyang sambahin na puno ng pagmamahal at nag-alay ng tanging dasal sa Kanya tuwing Huwebes.

Ang pangalawang kabanata ng
Sri Sathya Sai, Katha ni Sathya Narayana puno ng pagpapala.
Yumuko kay Sathya Sai. Sumaatin ang kapayapaan.

# Kabanata 3: Dakilang Laro ng Batang Sai

Habang lumalaki Sathya, napansin ng mga tao ang kanyang nakatagong kapangyarihan. Nagsimula silang tawagin Siyang “Swami” (Panginoon) sa buong pag-galang.

Minsan si Swami at ang Kanyang pamilya ay dumalaw sa templo ng Virupaksha sa Hampi. Nang dumating sila sa templo, hindi sumama si Swami sa loob. Sa halip siya ay tumayo, malapit sa pintuan ng templo. Nang magsimula ang dasal sa pinakaloob ng templo, lahat ay nagulat nang makita si Swami na nakatayo sa harap ng Lingam.

Iniwanan nila Siya sa pinto, paano siya biglang nakapasok sa kaloob-looban. Nagdudumali silang lumabas at nakita nila si Swami nakatayo tulad ng dati, nagiisa, nakatingala sa langit at may ngiting inosente sa namumulang labi. Lahat ay namangha at lumuhod sa kanyang mga paa.

Isang araw si Swami ay umuwi mula sa paaralan, inihagis ang kanyang bag pang eskwela at malakas na sinabi, “Iniwan na ako ng pagkabulag (*maya*, illusion); hindi na ako para sa inyo. Hinihintay na ako ng aking mga tagasunod (devotees). Ang hipag ni Swami na nasa loob ay nagmamadaling lumabas, subalit muntik nang mabulagan ng maliwanag na aura na nag-mula sa ulo ni Swami. Tinakpan niya ang kanyang mga mata dahil di niya matitigan ang liwanag.

Nakiusap kay Swami ang kanyang ina, “Anak, kung kami ay iiwan mo at pupunta sa iyong mga tagasunod, mangyari sanang dumito ka sa Puttaparthi at ipagtanggol at ibahagi ang iyong biyaya sa lahat ng iyong mga kabataan. Si Swami ay magalang na pumayag sa mababang loob na pakiusap ng Kanyang ina.

Sa loob ng mahabang panahon, si Swami ay nanatili kay Karmam Subbama, na may bahay na malaki, na matutuluyan ng dumaraming tagasunod, at patuloy na dumarating upang makita Siya. Isa pa si Subbama mismo ay masugid na tagasunod at nagmamahal kay Swami nang buong puso. Nagsimulang magdatingan ang mga tagasunod mula sa lahat ng dako.

Minsan ang pagkain ay di sumasapat para sa lahat ng tagasunod. Tuwing magkakaganoon, humihingi ng tulong si Subbama kay Swami.

Pupunta si Swami sa kusina may dalang dalawang niyog, pag-uumpugin ang dalawang niyog hanggang mabiyak, at wiwisikan ng tubig nito ang pagkain. Agad magkakaroon ng sapat na pagkain para sa lahat nang naroroon at magkakaron pa ng kaunting tira.

Sa pagdami ng mga tagasunod, nag-alay sila na gumawa ng silid dasal-awitan (*bhajan* hall) sa tabi ng bahay ni Subbama. Minsan noon nakatira pa si Swami sa bahay ni Subbama, may dumating na pare, si Laxmaiah, kasama ang kaibigan niya at ang asawa nito na may problema sa pagiisip. Pinaghintay nang pari ang kaibigan at asawa niya sa dalampasigan ng ilog Chitravati.

Dumating ang pare sa bahay ni Subbama at nakita niya si Swami. Dahil hindi niya alam kung sino Siya, tinanong Siya nito, “Alam ko, na may batang lalaki dito na gumagamot ng sakit, mangyari lang dalhin nyo ako sa kanya at dala ko ang aking kaibigan at ang kanyang asawang nahihibang.”

Inutusan ni Swami na dalhin sa kanya ang mag-asawa. Sinabihan Niya silang maligo at maupo kasama ng ibang tagasunod. Sinimulan ni Swami na bigyan ng banal na pagkain ang lahat. Gumawa siya ng Banal na Vibhuti at naglagay ng kaunti sa bibig ng babaing hibang.

Ilang sandali pa, humiwa siya ng prutas na dala ng mag-asawa bilang alay sa Kanya. Binigyan sila ni Swami para kainin. Sa ilang sandali, samantalang nakatingin ang mga tao, ang babaing may sakit ay naging normal. Yumuko ng buong pag-galang kay Swami at maligayang umalis ang mag-asawa.

Dahil nalalapit na ang katapusan ng buhay ni Subbama, pinagawa Niya ito ng maraming kawanggawa. Minsan nang si Swami ay nagpunta sa Bangalore, sumama ang kalusugan ni Subbama, subalit ang kanyang pagiisip ay palaging nakatuon sa kanyang mahal na Swami. Pati ang kanyang bibig na bumibigkas ng Kanyang banal na pangalan, ay huminto ng pag-galaw. Huminto ang kanyang paghinga na nanawagan nang pangalan ni Swami.

Biglang sumipot si Swami mula sa kawalan malapit sa kanyang higaan. Tinawag Niya siya ng Kanyang mapagmahal na tinig, “Subbama! Subbama buksan mo ang iyong bibig.” Si Subbama na noon ay patay na ang katawan, ay bumukas ang mata at bumulong at nanginginig ang kamay na humawak sa paa ni Swami.

Mabunying inabot ni Swami ang kanyang kamay sa kamay nito at sa pamamagitan ng Kanang kamay ay nilagyan Niya ng banal na tubig ng Ganga ang kanyang tuyot na kaluluwa sa pamamagitan ng kanyang bibig. Si Subbama ang tunay na tagasunod ni Swami ay iniwan ang kanyaang katawang mortal na nakatitig ang kanyang mga mata sa Dakilang mukha ni Swami at nakiisa siya sa Kanya.

Ayon sa kagustuhan ng mga tagasunod, ipinakikilala ni Swami ang Sarili Niya bilang kanilang piniling Panginoon. Sa ilan, pinakikilala niya ang Sarili bilang si Ganapati, sa iba ay bilang si Muruga, sa iba si Rama, o Sri Krishna at sa iba ay si Kristo upang maligayahan ang lahat.

Minsan nagpunta ang isang abogado, Krishnamachari, sa Puttaparthi mula sa Penukonda upang patunayan na si Swami ay isang manlilinlang lamang. Dinala siya kay Swami ng Kanyang ama. Dinala siya ni Swami sa isang silid at pinagsabihang isara ang mga mata. Nang makapasok ng silid ay pinabukas Niya ang mata nito. Nagulat ang abugado ng makita ang puntod ni Shirdi Sai Baba na balot ng kwintas na bulaklak na may nakatayong pari sa malapit at hawak na gamit sa pang dasal sa kanyang kamay.

Sinabihan siya ni Swami na limingon sa kabila. Doon nakita niya ang templo ni Hanuman, puno ng neem, Gurusthan, at ibang lugar sa banal na bayan ng Shirdi. Ang abogado ay masugid na tagasunod ni Shirdi Sai Baba. Nang makita niya ang puntod ni Shirdi Baba, lumuhod siya sa paa ni Swami at humingi ng patawad. Ang katauhan ng kapatawaran, si Swami tinapik ang likod at agad itong pinatawad.

Makapangyarihan si Swami. Sino man tumawag sa pangalan Niya, na may taglay na pagmamahal, ay sinasagot at pinagpapala Niya.

Natapos ang ikatlong kabanata ng
Sri Sathya Sai Katha ni Sathya Narayana na puno ng pagpapala.
Yumuko kay Sri Sai. Sumaatin ang kapayapaan.

# Kabanata 4: Kanlungan ng mga Tagasunod

Si Ginang Sakama ay may ari ng isang napakalawak na taniman ng kape. Siya ay isang butihin at dakilang babae, na gumagawa ng maraming kawanggawa, tulad ng pagpapakain ng mahihirap, nagbibigay ng damit sa kanila, at iba pa. Bilang pagkilala sa kanyang pahalaga, ang pari ng Mysore ay binansagan siya bilang isang Uliran ng Katarungan (*"Dharma Parayane"*).

Isang araw, mga ika 9 ng umaga, samantalang siya ay nagdarasal, dumating ang kanyang kasambahay at nagsabing, may mga taong dumating sa isang sasakyan at nais siyang makita agad. Lumabas si Sakama at nakita ang isang lumang kotse na may karatula at naka sulat na "Komite ng Kailas." Nasa harap ay isang batang lalaki, mga 16 na taon gulang na nakasabog ang buhok. Sa likod nakaupo nang marangal ang isang matandang lalaki sa balat ng usa, may mahabang balbas at banal na abo, na nakapahid sa kanyang katawan at noo.

Pinatuloy ni Sakama ang matandang lalaki at banal na sinamba niya ito, hinugasan ang kanyang paa at nagalay ng bulaklak at prutas. Hinimok siya ng matanda na maging kasapi ng Komite ng Kailas sa pamamagitan ng pagbayad ng isang libong rupees. Galak siyang nagbayad subalit ang resibo at pera ay ibinalik sa kanya. Sinabi ng matanda na bibisita siya muli. Nagdaan ang ilang taon ngunit walang bakas ng "Komite ng Kailas."

Isang araw kinailangang magpunta ni Sakama sa Bangalore. Samantalang dinadalaw niya ang bahay ng isa sa kanyang mga kaibigan, nakita niya ang batang lalaki na sabog ang buhok. Nang tingnan niya Siya, ang bata ay nagbagong anyo, bilang matandang lalaki at nagbalik sa pagkabata. Nagulat si Sakama. Lumapit siya sa bata at nagtanong, "Di ba ikaw ang nagpunta sa amin bilang "Komite ng Kailas?"

Sumagot ang bata, "Maraming taon na nakalipas, kinailangang magbyad ka ng isang libong rupees, na di mo binayaran, kaya nagbalik ako para kunin yon sa iyo." Dumaloy ang luha sa mata ni Sakama. Yumuko siya sa harap ni Swami at tinanggap niya ang Kanyang pagpapala.

Isang hapon nakahimlay si Swami sa kanyang higaan nagsasalita sa kanyang mga tagasunod. Bigla na lang siyang sumigaw, "Huwag mong barilin! Huwag mong barilin!"

Bumagsak Siya at nawalan ng malay. Makalipas ang mga isang oras, tumayo si Swami at nagutos sa mga tagasunod na magpadala ng telegramang nagsasaad, "Nasa akin ang iyong rebolber. Huwag kang mag-alala."

May nagsabi kay Swami na ang salitang rebolber ay di dapat gamitin dahil ito ay tututulan ng mga may kapangyarihan sa "post office." Kaya sa halip ay ang salitang "instrumento" ay isinulat sa telegram na ipinadala. Ang lahat ay nagugulumihanan at tinanong si Baba tungkol dito sa biglang pangyayari. Sinabi ni Swami na malalaman nila agad.

Makalipas ang apat na araw, may liham na dumating mula sa Bhopal, sulat ng isang opisyal ng army. Dahil sa ilang pangyayari ang opisyal ay naguluhan at nagpasyang barilin ang sarili. Nagpaputok siya minsan sa itaas upang subukanan ang rebolber. Sa sandaling iyon si Swami, na mula sa isang sulok ng India ay sumigaw, "Huwag barilin! Huwag barilin!"

Kasabay noon, may kumatok sa pinto ng opisyal. Itinago ng opisyal ang baril sa ilalim ng kanyang higaan at binuksan ang pinto. Ang kanyang matandang kaeskwela ay dumating at dumalaw kasama ang maybahay at katulong. Pinapasok niya sila sa loob. Matapos makipagusap sa opisyal ng ilang sandali nagpasya silang dalawin din ang kapit bahay na kaibigan din nila.

Pagkasara ng pinto ay umalis sila. Binalikan ng opisyal ang rebolber ngunit di na niya ito makita. Muli siyang nakarinig ng katok sa pinto. Binuksan niya ito at iniabot sa kanya ng cartero ang telegram na nagsasaad "Ang iyong instrumento ay nasa akin. Huwag kang magalala." Nagpadala: "Baba."

Si Swami natin ay hindi mangiiwan o pababayaan ang sino mang nananawagan sa Kanya. Ang tao ay kailangan lang tumawag at agad siyang darating sa kanilang tulong na taglay ang kanyang apat na kamay na Katotohanan, Tamang Kilos, Kapayaapaan, at Pag Mamahal. Ang kanyang hiwaga ay hindi mabibigkas. Sa naunang salaysay, ang maybahay na opisyal ay marubdob na tagasunod ni Swami.

Ang ikaapat na kabanata ng
Sri Sathya Sai, Katha ni Sathya Narayana na puno ng pagpapala.
Yumuko kay Sri Sai. Sumaatin ang Kapayapaan.

# Kabanata 5: Ang Laging Maawaing Swami

Minsan ay dumalaw si Swami sa isang tahanan sa Bangalore. Maraming tao ang nagtipon doon para matunghayan Siya. Ilan sa kanila ay nagdala ng bulaklak at prutas para ialay kay Swami. Ang ilan ay nag-uusap tungkol sa mga milagro at pagkamaawain ni Swami.

Nadinig ng isang mahirap na magsasapatos ang kanilang usapan. Isang magandang kurokuro ang biglang namuo sa kanyang isipan. Nais niyang masulyapan ang Avatar. Puno ng pagmamahal na pumitas siya ng bulaklak sa hardin at sumingit sa karamihan ng tao at dahan dahang lumakad papunta sa kina-uupuan ni Swami. Sumilip siya sa loob at sabay na sumilip naman si Swami sa labas. Nagsalubong ang kanilang mga paningin at sa oras na iyon ay umapaw sa kanya ang hindi mapigil na pagmamahal kay Swami.

Puno ng pagmamahal na tinawag siya ni Swami na lumapit. Lumapit ang magsasapatos at inialay ang rosas. Galak na tinanggap ni Swami ang rosas mula sa kanya at tinanong niya, sa Tamil na salita ng magsasapatos, "Mahal, ano ang iyong gusto?" Hindi nakahanda ang magsasapatos sa katanungan. Sumagot siya, "Swami, dalawin po ninyo ang aking kubo." Makakaasa ka dadaalaw ako."

Napaluha sa galak ang magsasapatos. Puno ng paggalang na yumuko siya sa paa ni Swami. Sa kanyang kagalakan ay nalimutan niyang itanong kung kailan Niya dadalawin ang kanyang kubo. Nang makaalis na si Swami sa tahanan, ang lahat ng katanungan ay naisip ng magsasapatos. Nagdaan ang mga araw subalit walang tanda ng pagdalaw ang Panginoon sa kubo ng magsasapatos.

Isang araw samantalang tinatahi ng magsasapatos ang punit at sirang sandalyas, may kotseng huminto sa tabing daan sa harapan niya. Sa pagaakalang ito ay kotse ng pulis, mabilis na inipon ng magsasapatos ang mga gamit niya at humandang tumakbo. Akala niya na dumating ang pulis para paalisin siya. Bumaba si Swami sa kotse at sinabihan ang magsasapatos na huwag matakot. Sa halip ay pinaupo Niya ito sa kotse. Di nakapagsalita ang magsasapatos sa gulat. Tumakbo ang kotse na sakay si Swami at ang magsasapatos sa loob. Itinuro ni Swami sa drayber ang daan tungo sa kubo ng magsasapatos.

Bumaba ang magsasapatos at pumasok sa loob. Sinabihan niya ang asawa na maglatag ng banig at nagmadaling lumabas at sumalubong kay Swami. Naupo si Swami sa banig.

Napuna ng magsasapatos na walang ano man sa tahanan niya na maiaalay sa Panginoon. Malaki ang problema niya at nagsimula siyang pigain ang kamay niya sa sakit ng loob.

Nakita ni Swami ang kanyang kalagayan at sinabing huwag mag-alala. Sinabi niya sa magsasaapatos na nagpunta Siya upang magbigay at hindi para kumuha ng ano pa man sa kanya kundi pagmamahal. Sa pagkumpas ng kanyang kamay gumawa si Swami ng matatamis at prutas at ipinamahagi ito sa lahat ng naroon. Matapos ay gumawa Siya ng Vibhuti at ipinahid ito sa noo ng magsasapatos.

Bago umalis, sinabi ni Swami, "Iiwanan kita ngayon, huwag kang mag-alala. Ako ay laging nasa iyo." Bago nakapagsalita ang magsasapatos, sumakay si Swami sa kotse at umalis. Ginawa ni Swami ang karaniwang kubo ng magsasapatos na isang templo.

Minsan nang magpunta si Swami sa Trichinapally, may mga taong nagkalat ng maling balita tungkol sa Kanya. Noong gabing yaon, samantalang nagsasalita si Swami sa isang pulong, tinawag niya ang isang batang lalaking pulubi na kilala ng lahat. Pinaakyat niya ito sa entablado at tinanong ang pangalan niya. Ang bata na ipinanganak na pipi ay sumigaw ng malakas, "Venkatanarayana." Ang mga taong na nagkalat ng maling balita tungkol kay Swami ay yumuko sa hiya. Ang himala ni Swami ay napakarami.

Minsan sa Thiruvanamalai, gumawa si Swami ng gamut para kay Swami Amrithananda, at ginamot niya ito sa matagal nang karamdaman. Sa isa pang pagkakataon, ang anak ni Dr. Bhagavantham ay inoperahan ni Swami. Ginawa rin Niya ang instrumentong pang opera. Ang instrument ay nasa pagaari ngayon ni Dr. Bhagavantham.

Si Dr. Shankar ay isa pang masugid na taga sunod ni Swami. Maraming ulit na pumasok si Swami sa katawan ni Dr. Shankar at nagsagawa ng tagumpay at mahirap na operasyon.

Si Sri Karunyananda ay mayroong Ashram sa Andhra Pradesh. Naglagay siya ng ilang larawan ni Swami sa ospital ng Ashram.

Minsan may isang walang kayang buntis na babae na may pangangailangan ay nagpunta sa Ashram. Inilagay siya ng Swamiji sa ospital ng ashram. Isang gabi ang mga komadrona ay iniwan ang babae upang manood ng huling palabas ng sine.

Noong gabi ring iyon, nakaranas ang babae ng matinding sakit, hilab ng tiyan. Nang makita siyang naghihirap at walang magawa, bumaba si Swami mula sa larawan na nakasabit sa dingding. Ginamot Niya ang babae at tinulungang iluwal ang bata ng matiwasay. Nilinis pa rin ni Inang Sai ang bata at itinabi ito sa ina upang pasusuhin.

Nang bumalik ang komadrona ay nagulat sila na may gumanap nang lahat ng kanilang tungkulin. Nang tanungin nila ang babae, itinuro niya ang larawan at sinabing si *Sadhu Matha* ay dumating para tulungan siya. Hindi niya alam na si *Sadhu Matha* ay ang Panginoong Narayana mismo.

Si Sri Sathya Narayana ay nagkatwang tao muli at ipinagtatanggol tayong lahat. Lagi Niyang ipagtatanggol lahat ng magtitiwala sa kanya. Isang napakabuting kapalaran natin na naipon sa maraming pagkabuhay na ngayon tayo ay nakakaranas at matunghayan (*darshan*), mahawakan (*sparshan*) at marinig (*sambashan*) ang Panginoon.

Ang pinakakalikasan ni Swami ay Pagibig. Ipinagtatanggol niya ang mga tumatahak sa daan ng kabanalan (*bhakti*) at katarungan (*dharma*). Tinagurian Siya ng iba na Easwara, ang iba ay Maha Vishnu ang iba ay Ama at ang iba ay si Alla.

Gayundin si Bhagavan Sri Sathya Sai Baba na inaako ang ibang anyo ng Diyos dahil lahat ng anyo ay Kanyang anyo at lahat ng pangalan ay Kanya. Ibinibigay Niya sa Kanyang mga tagasunod ang Kanyang biyaya at binibigay ang kanilang mga kahilingan. Sinabi Niya na ang Sathya, Dharma, Shanti, Prema ay ang apat na haligi ng Walang Hanggang Katarungan (*Sanathana Dharma*) pahalagang pantao ay ang ating pinaka buhay. Kung walang Katotohanan (*Sathya*), Katarungan (*Dharma*), Kapayapaan (*Shanti*) at Pagibig (*Prema*) ang pagaaral ay walang laman. Kung walang *Sathya*, *Dharma*, *Shanti*, *Prema* ang kawang gawa at abuloy ay walang halaga. Kung walang *Sathya*, *Dharma*, *Shanti*, *Prema* ang tinatawag na banal na Gawain ay walang patutunguhan.

Ang walang hanggan pahalagang pantao: *Sathya, Dharma, Shanti, Prema* ay ang apat na haligi ng Walang Maliw na Katarungan (*Sanathana Dharma*). Ang Sanathana Bhagavan ay lagging ipinaaalala sa atin na laging isipin ang Panginoon at huwag ipagpaliban! Ang Pangalan lamang ng Panginoon ang magbibigay ng katubusan.

Sino man ang magsagawa ng dasal na ito na puno ng tunay na pagibig at pagmamahal, ang Panginoon, si Sri Sathya Sai, Sathya Narayana ay magbibigay sa kanila nang maligaya at mapayapang pamumuhay at aalisin ang kanilang kalungkutan at agam agam.

Dito natatapos ang Sri Sathya Sai, Katha ni Sathya Narayana
na puspos ng pagpapala. Yumuko kay Sri Sai.
Sumaatin ang Kapayapaan.



*Binendisyonan nang pinaka-mamahal na Bhagavan itong Katha doon sa Prashanti Nilayam. Noong Hueves, ika-7 nang Febrero, 2002 pina-hiwatig ito kay Dr. H.S. Bhat at ulit. Noong Hueves, ika-22 nang Oktubre, 2009 pina-hiwatig ito kay Sri M. N. Mohan Kumar*

# Sai Gayatri Mantra



**Om Sayeeshvaraaya Vidmahey**

**Sathya Devaaya Dheemahi**

**Than Nah Sarvah Prachodayaath**

*Buong puso, isip at sarili ko ay alay sa Iyo.*

[Dasalin araw-araw.]

# Dasal Sa Sarva Dharma

**Om Tat Sat Sri Narayana Tu, Purushottama Guru Tu**
**Siddha Buddha Tu, Skanda Vinaayaka**
**Savitaa Paavaka Tu, Savitaa Paavaka Tu**
**Brahma Mazda Tu, Yehova Shakti Tu, Ishu Pita Prabhu Tu**
**Rudra Vishnu Tu, Rama Krishna Tu**
**Rahim Tao Tu, Rahim Tao Tu**
**Vaasudeva Go Vishwa Roopa Tu, Chidaananda Hari Tu**
**Adviteeya Tu, Akaala Nirbhaya, Atmalinga Shiva Tu**
**Atmalinga Shiva Tu, Atmalinga Shiva Tu**

*Om Ikaw iyan, ikaw si Narayana, Panginoon sa anyo nang tao*
*Ikaw ang pinaka-diwa nang kaganapan walang ka mali-mali, perpectong panginoon*
*Ikaw ang napaliwanagan na Buddha; Ikaw si Subramanya at Ganesha*
*Ikaw ang apoy nang araw; ikaw si Brahma, ang lumikha, Mazda ang ka-taastaasan*
*Ikaw si Jehovah at ang dakilang Ina, ang taga-likha nang kapangyarihan*
*Diyos ko! Ikaw ang ama ni Hesus. Ikaw si Rudra ang sanhi nang pag-babago*
*at Vishnu, ang taga alaga namin, Ikaw si Rama at Krishna*
*Ikaw si Rahim na maawain, laging mapag-bigay at laging lumalawak, ikaw si Tao*
*Ikaw si Vaasudeva ang kabuhayan nang lahat, makapangyarihan at san-libotan*
*Ikaw si Hari, taga tanggal nang ilusyon, masayahing Diyos*
*Ikaw ay walang kapantay, hindi sakop nang panahon, matapang sa lahat nang hirap*
*Ikaw si Shiva ang gumawa nang Lingam, simbolo nang walang hugis at lubos*

# Aarathi

**Om Jaya Jagadeesha Harey**
**Swami Sathya Sai Harey**
**Bhaktha Jana Samrakshaka x2**
**Parthi Maheshvara**
**Om Jaya Jagadeesha Harey**

*Tagumpay ang Panginoon nang san-lahatan, Panginoong Sathya Sai, ang sumira nang ka-lungkotan at ka-samaan at nang mga pahirap sa buhay. Siya ang bantay na pina-protektohan ang kanyang mga taga-sunod. Tagumpay para sa Panginoon nang mga Panginoon, Hari nang Puttaparthi.*

**Sashi Vadana Shree Karaa Sarva Praana Pathey,**
**Swami Sarva Praana Pathey**
**Aashritha Kalpa Latheeka x2**
**Aapad Baandhava**
**Om Jaya Jagadeesha Harey**

*O mapag-mahal, kaaya-aya at kaakit-akit tulad nang nabubuong buwan. O Panginoong Sai! Ikaw ang naka-tira sa puso, ang lakas nang buhay nang lahat ang tao at bagay. Ikaw ang nag-bibigay nang mga hiling, sa lahat nang na-panig sa Iyo. Ka-maganak ikaw, taga ligtas at kaibigan sa panahon nang hirap at sakuna. Ang tagumpay ay sa iyo, O Panginoon nang san-lahatan*

**Maata Pita Guru Daivamu Mari Antayu Neevey**
**Swami Mari Anthayu Neevey**
**Naada Brahma Jagan Naatha x2**
**Naagendra Shayana**
**Om Jaya Jagadeesha Harey**

*O Panginoong Sai, ikaw ang Ina, Ama at marangal na Guro.*
*Kataas-taasan Diyos at pang-lahat sa amin O Panginoon nang san-lahatan.*
*Ikaw ang pinaka-unang tunog, naka higa sa banig na ahasan*

**Omkaara Roopa Ojaswi Om Saayi Mahadeva**
**Sathya Saayi Mahadeva**
**Mangala Aarathi Anduko x2**
**Mandara Giridhari**
**Om Jaya Jagadeesha Harey**

*O pinaka-marangya, O Panginoon nang mga Panginoon, Bathalang Sai, anyo mo ay Pranava. Nag-darasal kami sa iyo, tanggapin mo ang aming sagradong ilaw nang apoy. Kahulugan nito ay ka-tanggalan nang kadiliman nang isip, tagumpay ay sa iyo. O Panginoon nang san-lahatan, naninirahan sa bundok nang Mandara, Panginoong Giridhari.*

*[Kantahin ang mga susunod verse nang tatlong beses]*

**Narayana Narayana Om**
**Sathya Narayana Narayana Narayana Om**
**Narayana Narayana Om**
**Sathya Narayana Narayana Om x2**
**Om Jai Sadguru Deva**

*Awitin ang ngalan ni Panginoong Sri Sathya Sai, Sathya Narayana, na anyo nang Om. Tagumpay ay sa Marangal na Guro, ang Pinaka-mataas na Panginoon, Sri Sathya Sai!*

**Om Shanthi Shanthi Shanthihi**

*Om kapayapaan, kapayapaan, kapayapaan.*

# Samastha Lokaah

**Samastha Lokaah Sukhino Bhavanthu x3**
**Om Shanthi Shanthi Shanthihi**

*Nawa'y lahat nang katauhan sa lahat nang mundo ay sumaya at mapayapa.*
*Om kapayapaan, kapayapaan, kapayapaan.*

## Jai Bolo Bhagawan Sri Sathya Sai Baba Ji Ki Jai!

*(Mabuhay ang Panginoon at awitin ang pangalan ni Sri Sathya Sai Baba!*
*Mabuhay, Tagumpay)*

# Vibhuthi Prayer

**Paramam Pavithram Baba Vibhuthim**
**Paramam Vichithram Leela Vibhuthim**
**Paramaartha Ishtaartha Moksha Pradaanam**
**Baba Vibhuthim Idam Aashrayaami**
**Om Shanthi Shanthi Shanthihi**


*Sa kataas-taasan at sagradong Vibhuthi nang Panginoong Sri Sathya Sai ako panatag. Ang kahanga-hangang Vibhuthi, ay nag-bibigay nang kaligtasan.*
*Yan ang banal na estado na nais kong makamtan.*
*Om kapayapaan, kapayapaan, kapayapaan.*

# *Ano ang hihilingin ko sa iyo?*

Ano ang hihilingin ko sa iyo
Panginoong Sai, wala ma-hihingi sa iyo
Basbas ako nang lahat na na-naisin
May isip ako, ito ay iyong kauwalhatian
May mata ako para maka-kita at tenga para maka-dinig,
lahat ito'y kaluwalhatian mo
Sa harap ko ay mundo, napaka laki at puno nang sari-sari
Sapat na makapag-pahayag ako, ulit ito ay kaluwalhatian mo
Makaka-gawa at makaka-sira,
lahat nang posibilidad ay kaluwalhatian mo
Nai-dadasal ko ito sa iyo
Ang kapasidad na makilala ang iyong halaga, ito'y kaluwalhatian mo
Wala akong hanap, lahat ay bigay mo na
Sa aking kalooban, sa labas, ikaw ay nandito
Hindi ko maka-kaligtaan at ayaw kong maka-ligtaan
Mapasa-amin ang iyong biyaya, hindi ang makinabang
Kundi ang makita ang iyong kaluwalhatian
Sa lahat nang aking nakamtan, sa lahat nang aking kakayahan
Ipatanaw mo sa akin ang iyong kaluwalhatian

*Sai Ram*

**Copyright (English) 2002. Prasanthi Jyoti.**
**Translated into FILIPINO by Rene Emata and Al Macasaet**
**Website: http://www.sathyasaikatha.com**
**Email: prasanthijyoti@gmail.com**



*Isang hakbang mo pa-punta sa Akin*

*ay isang daan ko patungo sa iyo.*